
HEP HEP
THE MEDIATOR
PART II-A
NATIONAL PRIVACY COMMISSION
STORY AND CONCEPT BY
LEGAL DIVISION
ILLUSTRATED BY
PUBLIC INFORMATION AND ASSISTANCE DIVISION
MEDIATION ROOM
ANG MGA PARTIDO AY MAY KALAYAANG PUMILI KUNG ANG KANILANG **MEDIATION** AY ISASAGAWA NANG HARAPAN (FACE-TO-FACE) O SA PAMAMAGITAN NG ONLINE VIDEO CONFERENCE. SA PAGKAKATAONG ITO, PINILI NG MGA PARTIDO NA MAGING HARAPAN ANG KANILANG **PMC.**
**MAGANDANG UMAGA PO SA INYONG LAHAT!**
AKO PO SI ***HEP-HEP,*** ANG INYONG MEDIATOR.
SA ARAW PONG ITO AY IPAPALIWANAG KO PO SA INYO ANG ILANG MAHAHALAGANG BAGAY UKOL SA **MEDIATION.**


ANG **MEDIATION** PO AY PRIBADO AT CONFIDENTIAL.
ANO MAN PONG IMPORMASYON NA MAISISIWALAT NINYO AY HINDI MAAARING GAMITIN NA **EBIDENSIYA** SA KAHIT SAANG **KORTE, AHENSIYA, O TRIBUNAL.**
PINAGBABAWALAN PO ANG LAHAT NA **MAG-RECORD** O **KUMUHA NG MGA LITRATO.**
SA HALIP, MAAARI PO KAYONG MAG-NOTES NA PARA LAMANG SA PERSONAL NA GAMIT.
CONFIDENTIAL
ANG INYONG NOTES AY DAPAT BURAHIN PAGKATAPOS NG **MEDIATION.**


ANG INYONG PERSONAL NA PAGDALO AY KINAKAILANGAN.
ANG PARTIDO NA HINDI MAKAKA-DALO NANG PERSONAL AY MAAARING MAGPADALA NG KINATAWAN, SA KONDISYON NA ANG KINATAWAN AY MAY DOKUMENTONG NAGSASABI NA SIYA AY PINAPAYAGAN NA DUMALO, MAKILAHOK AT MAKIPAGKASUNDO SA PAMAMAGITAN NG **MEDIATION.**
ITO PO AY MAAARING NAKAPALOOB SA ISANG **SPECIAL POWER OF ATTORNEY** (O **SECRETARY'S CERTIFICATE** PARA SA MGA KORPORASYON).
NATIONAL PRIVACY COMMISSION
"SPECIAL POWER OF ATTORNEY"
ANG PANGUNAHING LAYUNIN PO NATIN DITO SA **MEDIATION** AY MALUTAS ANG INYONG HINDI PAGKAKAUNAWAAN.
HINDI PO NATIN TATALAKAYIN ANG DETALYE NG INYONG KASO.
SA HALIP, TAYO PO AY MAG-UUSAP AT MAKIKINIG SA ISA'T ISA UPANG HUMANAP NG MGA POSIBLENG SOLUSYON.


BILANG PARTE NG MEDIATION TEAM,
ANG LAYUNIN KO PO AY MAGING GABAY AT TULUNGAN KAYONG RESOLBAHIN ANG INYONG KASO SA PAMAMAGITAN NG KOMPROMISO AT DAYALOGO
KAMI PO AY MANANATILING **PATAS** AT **WALANG KINIKILINGAN.**
SISIKAPIN PO NATIN NA MAKAHANAP NG SOLUSYON SA LOOB NG **ANIMNAPUNG ARAW** (60 DAYS) MULA NGAYON.
GAYUNPAMAN, MAARI NATING IPAGPATULOY PA NG KARAGDAGANG **TATLUMPUNG ARAW** (30 DAYS) ANG MEDIATION KUNG KINAKAILANGAN.
ANG INYO PONG PAGLAHOK SA **MEDIATION** AY KUSANG-LOOB. KASABAY NITO, KAYO PO AY INAASAHANG SUMUNOD SA LAHAT NG BATAS, ALITUNTUNIN AT MGA KAUTUSAN NG **NPC**.
MAAARI PO NINYONG PILIIN NA ITIGIL O TAPUSIN ANG **MEDIATION** SA KAHIT ANONG ORAS AT SA KAHIT ANONG KADAHILANAN.
IPAGPAPATULOY...